BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-11 ng Enero, 2024

# NAKAREHISTRO SA ISANG PAMPULITIKANG PARTIDO? SIGURADUHING INAALOK NG BALOTA ANG PRESIDENSYAL NA KANDIDATONG GUSTO NINYO

Kung nakarehistro kayo sa isang pampulitikang partido, ang presidensyal na kandidato ng partidong iyon ay makikita sa inyong balota sa presidensyal na primarya sa Marso 2024.

Kung gusto ninyong bumoto para sa isang presidensyal na kandidato mula sa ibang pampulitikang partido, kakailanganin ninyong magparehistro muli sa partidong iyon.

Para sa kadahilanang iyon, hinihikayat kayo ng opisina ng Tagapagrehistro na i-verify ang inyong preperensiya sa pampulitikang partido at ang inyong tirahan at pangkoreong adres. Magsisimulang lumabas ang mga balota sa mga rehistradong botante sa linggo ng Ika-4 ng Pebrero.

Ang mga pampulitikang partido ang magpapasya kung sino ang maaaring bumoto para sa kanilang mga kandidato sa presidensyal na primarya. Ang lahat ng mga rehistradong botante ay nasa ilalim ng dalawang kategorya:

1. **Nakarehistro sa isang Preperensyang Pampulitikang Partido**

   Kung kayo ay nakarehistro sa isa sa anim na kwalipikadong pampulitikang partido sa California, ililista lamang ng inyong balota ang mga kandidato sa presidensyal na primarya ng partidong iyon. Maaari **lamang** kayong bumoto para sa mga presidensyal na kandidato ng partidong iyon.

   Ang mga kwalipikadong pampulitikang partido ng California ay:
   - Partidong American Independent
   - Partidong Democratic
   - Partidong Green
   - Partidong Libertarian
   - Partidong Peace and Freedom
   - Partidong Republican

Kung ang rehistrasyon ng inyong partido ay naiiba mula sa partido ng presidensyal na kandidato na gusto ninyong iboto, kakailanganin ninyong magparehistro para makaboto sa partidong iyon. Kung gusto ninyong baguhin ang inyong rehistrasyon ng partido, pinapayuhan kayo ng Opisina ng Tagapagrehistro na gawin ito bago ang Ika-20 ng Pebrero.

2. **Nakarehistro bilang Nonpartisan (Kilala rin bilang Independent o Walang Preperensiyang Partido)**

Kung nakarehistro kayo bilang Nonpartisan o Walang Partido, kayo ay awtomatikong makakatanggap ng Nonpartisan na balota para sa eleksyon sa Ika-5 ng Marso. Ang inyong Nonpartisan na balota ay **hindi** maglilista ng kontest sa presidensyal na primarya o mga kandidato.

Halos 490,000 na mga botante sa County ng San Diego ang nakarehistro bilang Nonpartisan o Walang Partido. Kung isa kayo sa kanila, maaari kayong gumawa ng mga hakbang ngayon upang bumoto para sa isang kandidato sa presidensyal na primarya. Bilang isang nonpartisan na botante, maaari kayong pumili ng isa sa tatlong magkakaibang uri ng crossover na balota.

**Mga Pampulitikang Partido na Nagpapahintulot sa mga Nonpartisan o Walang Partidong Botante na Mag-Crossover:**

Sa taong ito, ang **Partidong American Independent, Partidong Democratic,** at **Partidong Libertarian** ay pinapayagan ang mga Nonpartisan o Walang Partidong botante na makilahok sa kanilang mga presidensyal na primaryang eleksyon.

Ang mga Nonpartisan o Walang Partidong botante ay dapat humiling ng isa sa mga balota ng tatlong partidong ito upang bumoto ng kandidato sa presidensyal na primarya ng partidong iyon. Ang pagpili ng isa sa tatlong balota ng pampulitikang partido **ay hindi** magrerehistro sa inyo sa partidong iyon. Mananatili kayong isang Nonpartisan o Walang Partido na botante.

Maaari ninyong kumpletuhin ang porma ng paghiling sa balota ng nonpartisan crossover na partido na makikita sa sdvote.com o bisitahin ang Opisina ng Tagapagrehistro sa Kearny Mesa mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Lunes Hanggang Biyernes.

Tandaan din na pinahihintulutan ng Partidong Democratic ang mga nonpartisan o walang partidong botante na bumoto sa presidensyal na kontest nito, ngunit hind sa kontest ng Central Committee nito. Kung hihilingin, matatanggap ninyo ang walang partidong bersyon ng Democratic na balota.

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-11 ng Enero, 2024

**Mga Pampulitikang Partido na HINDI Nagpapahintulot sa mga Nonpartisan o Walang Partidong Botante na Mag-crossover**

Sa taong ito, isinara ng **Partidong Green, Partidong Peace and Freedom** at **Partidong Republican** ang kanilang presidensyal na primarya sa mga botanteng walang partido.

Ang mga walang partido na botante ay **hindi** makakapili ng isa sa mga balotang ito. Ang mga botanteng walang partido na gusto ng isa sa mga balota ng mga partidong ito ay kailangan magparehistro muli sa partidong iyon.

Maaari ninyong punan ang isang bagong porma ng rehistrasyon ng botante nang online sa sdvote.com.

Anuman ang inyong preperensiyang partido, lahat ng rehistradong botante ay papayagang bumoto sa mga kontest ng nonpartisan at mga opisinang nominado-ng-botante, katulad ng mga opisina sa kongreso ng U.S. at mga opisina ng lehislatibo ng estado.

Ang dalawang nangungunang makakakuha ng boto sa mga contest ng nominado-ng-botante ay uusad sa pangkalahatang eleksyon sa Ika-5 ng Nobyembre.

**Hindi sigurado kung aling pampulitikang partido kayo nakarehistro o kung nakarehistro kayo para makaboto?**

Maaari ninyong i-check ang inyong rehistrasyon, muling magparehistro, at magparehistro upang makaboto sa sdvote.com.

Hinihikayat kayo ng opisina ng Tagapagrehistro na gawin ito nang maayos bago ang Ika-20 ng Pebrero upang maiwasan ang mga pagkaantala at mahahabang pila sa mga vote center.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa presidensyal na primarya sa Ika-5 ng Marso sa sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101